Vol.22 Tagalog

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2022.1

## Otawa Festival 2022 Special Event “First Kabuki”



Madaling ipaliliwanag sa mga bata hanggang sa mga matatanda ang mga bagay-bagay tungkol sa Kabuki! Mararanasan ang mundo ng Kabuki mula sa iba't ibang anggulo tulad ng Tachimawari (espadahan), makeup, musika, pagtatanghal ng likha, at iba pa.

| Experience | Tachimawari (espadahan) sa Kabuki |
|---|---|
| Ipaliliwanag ng instructor ang porma sa Kabuki. Mayroong bahagi ang Tachimawari na sumasabay sa natatanging tugtugin na tinatawag na "Dontappo". Ang bahaging ito ng Tachimawari ay ipasusubok sa mga kalahok. | |

| Demonstration | Subukan natin ang "Kumadori" makeup! |
|---|---|
| Mayroong natatanging bahagi ang paraan ng pag-make up ng Kabuki na tinatawag na "Kumadori". Ipaliliwanag ito habang ginagawa sa isang kalahok. Ang pagsasagawa ng makeup ay mapapanood din ng audience. | |

| Workshop | Musika ng Kabuki |
|---|---|
| Magsasagawa ng workshop tungkol sa musika na nagbibigay kulay sa Kabuki sa pamamagitan ng pagpapakilala at pagtatanghal ng mga Ohayashi (performer) ng mga musikal na instrumento, shamisen at kanta na tinugtog sa background. | |

**Performance 1** "Sannin Kichisa Tomoe no Shiranami ~ Okawabata Koshinzuka no Ba"

**Performance 2** "Gojobashi"

Bisitahin ang website para sa mga detalye.



Tachimawari



Makeup demonstration



Musika ng Kabuki



Gojobashi Ukiyo-e

**Kailan**

Marso 19, 2022 (Sabado)
Magsisimula nang 1:30 pm
(Magbubukas nang 12:45 pm)

**Saan**

Ota City Residents Plaza Large Hall
3-1-3 Shimomaruko, Ota-ku

**Ilang tao**

Nasa 500 tao

**Magkano**

General admission 2,500 yen
Junior high school at pababa 1,000 yen

**Paano mag-apply**

Maaaring mag-apply ang mga bumili ng performance ticket. Magsisimula ang pagbebenta ng performance ticket sa January 12, 2022 (Miyerkules) 10:00 am. Para mga nais lumahok sa programa ng demonstration/experience, tinatanggap ang applikasyon sa mismong araw sa venue.

| Mag-apply sa | Telepono para sa ticket ☎ 03-3750-1555 |
|---|---|

| Makipag-ugnay sa | Ota Ward Cultural Promotion Association<br>☎ 03-3750-1611 FAX 03-3750-1150 E-mail bungeika@ota-bunka.or.jp |
|---|---|

# Klase sa wikang Hapon para sa mga kabataan ng Ota

Klase sa wikang Hapon para sa mga batang may banyagang nasyonalidad at iba pa na hindi pumapasok sa paaralan.

**Para kanino** Mga batang naaangkop sa lahat mula (1) hanggang (3)

(1) Mga batang may banyagang nasyonalidad na naninirahan sa Ota-ku
(2) Mga batang nasa school age na papasok sa paaralan (ang kaarawan ay mula Abril 2, 2006 hanggang Abril 1, 2015) o mga batang anim na buwan bago pumasok ng elementarya hanggang sa pagpasok ng elementary (ang kaarawan ay mula Abril 2, 2015 hanggang Abril 1, 2016)
(3) Mga batang walang kakayahan sa wikang Hapon at hindi naka-enrol sa pampublikong paaralan sa Ota-ku

**Silid-aralan sa Kamata**

| | |
|---|---|
| Kailan | Lunes, Martes, Miyerkules<br>9:00 am～12:00 pm |
| Magkano | 0 yen |
| Ilang tao | 15 katao |
| Saan | Ota City Multicultural Society Promotion Center (mics Ota classroom)<br>5 Chome 13-26-101 Kamata, Ota-ku sa loob ng Ota City Consumer Center |
| Mag-apply sa | Legato Ota<br>☎ 03-6424-8822　FAX 03-5710-6330 |
| Paano mag-apply | Maaaring direktang pumunta o tumawag sa front desk |

**Silid-aralan sa Omori**

| | |
|---|---|
| Kailan | Lunes, Miyerkules, Huwebes<br>9:00 am～12:00 pm |
| Magkano | 0 yen |
| Ilang tao | 10 katao |
| Saan | Ota City Sanno Hall International Exchange Facility<br>3 Chome 37-11 Sanno, Ota-ku sa loob ng International Exchange Facility |
| Mag-apply sa | Nihongo Gururitto<br>☎ 03-5709-1347　FAX 03-5709-1347 |
| Paano mag-apply | Maaaring direktang pumunta o tumawag sa front desk |

**Makipag-ugnay sa**

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981　FAX 03-6410-7982　E-mail mail@ota-goca.or.jp

# I-check ang website para sa mga impormasyon sa pamumuhay para sa mga banyaga!

Ibinabahagi sa website ng Ota-ku at Global City Ota Cooperation Association Website ang impormasyon na makakatulong sa pamumuhay tulad ng pagtugon sa panahon ng sakuna para sa mga banyagang residente ng Ota-ku. Inaanyayahan namin kayong bisitahin ang website.

**Makipag-ugnay sa**

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227　FAX 03-5744-1323
E-mail kokusai@city.ota.tokyo.jp

Ota-ku Website
I-access sa pamamagitan ng susunod na icon na matatagpuan sa unang pahina.




Global City Ota Cooperation Association Website



# Inilabas na ang Ota-ku Disaster Prevention Portal Website / Ota-ku Disaster Prevention Application

Nagsimula nitong Hulyo 2021 ang operasyon ng "Ota-ku Disaster Prevention Portal Website" at "Ota-ku Disaster Prevention Application" kung saan matatagpuan ang iba't ibang impormasyon sa pag-iwas sa sakuna.
Ang Disaster Prevention Portal Website at Disaster Prevention Application ay nakasalin sa Ingles, Korean, at Intsik (simplified/traditional) bukod pa sa Japanese upang ma-check ng mas maraming nasyonalidad ang impormasyon.
Ang mga residente ng Ota-ku ay maaaring mag-check ng impormasyon na makakatulong sa panahon ng sakuna tulad ng impormasyon sa panahon, anunsiyo ng paglikas, mapa ng evacuation shelter at iba't ibang hazard map na gumagamit ng Geographical Information System (GIS) sa pamamagitan ng "Disaster Prevention Portal" at "Disaster Prevention Application"
Ibinabahagi rin ang mga punto ng reserbang supply sa bahay, pagkilos sa panahon ng sakuna, at iba pa upang makapaghanda sa pagdating ng sakuna habang hindi pa ito nangyayari.
I-check na ngayon ang Ota-ku Disaster Prevention Portal Website at Ota-ku Disaster Prevention Application upang makapaghanda sa mga likas na sakuna tulad ng lindol, bagyo, at iba pa.




Ota-ku Disaster Prevention Portal Website

Maaaring i-download ang application dito.

AppStore

Google Play

| Makipag-ugnay sa | Disaster Preparation and Crisis Management Division<br>☎ 03-5744-1236 FAX 03-5744-1519 E-mail bousai@city.ota.tokyo.jp |
|---|---|

# Tungkol sa pagbabayad ng residence tax (Q4)

Sa Enero 31 ang deadline ng pagbabayad ng 4th quarter municipal resident's tax/metropolitan resident's tax. Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Mangyaring huwag kalimutang magbayad.

| Makipag-ugnay sa | Tax Payment Division<br>☎ 03-5744-1205 FAX 03-5744-1517 E-mail nouzei@city.ota.tokyo.jp |
|---|---|

# Global City Ota Cooperation Association [tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika]

Oras na bukas

| Piskal na taon 2021 | |
|---|---|
| Ingles | Lunes/Martes/Miyerkules/Biyernes 10:00 am~5:00 pm |
| Intsik | Lunes/Martes/Huwebes/Biyernes 10:00 am~5:00 pm |
| Tagalog | Lunes/Biyernes 10:00 am~5:00 pm |
| Nepalese | Miyerkules 10:00 am~5:00 pm |
| Vietnamese | Huwebes 10:00 am~5:00 pm |

- Mayroon pang ibang wika na maaaring gamitin bukod dito. Kumonsulta lamang.
- Tumatanggap ng konsultasyon sa pamamagitan ng telepono at email.
- Konsultasyon sa abogado (kailangang ng reserbasyon): ika-1 at ika-3 Linggo 1:00 pm~5:00 pm

Para sa mga indibidwal na angkop ang kahit isa sa mga sumusunod, makipag-ugnayan muna sa pamamagitan ng telepono o e-mail.

1. Mga indibidwal na positibo sa COVID-19 o may nakasamang nagpositibo sa COVID-19
2. May lagnat na 37.5 degrees o higit pa
3. May sintomas ng trangkaso (ubo, sipon, at iba pa)
4. May sintomas ng diarrhea/pagsusuka

[Mga maaaring gawin sa tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika]


● Konsultasyon sa pamumuhay

Maaaring kumonsulta sa iba't ibang wika tungkol sa problema sa wika, bata, kasal, diborsyo, trabaho, at iba pa. (Libre)

● Translation

Ita-translate ang mga katibayan na isusumite sa Ota City Office at iba pa. Mayroong service charge. (500 yen kada isang dokumento)

*Lilipat sa Abril 2022 ang "Global City Ota Cooperation Association Multilingual Consultation Desk" Ang bagong lugar ay malapit sa Keikyu Kamata Station. Ilalathala sa website ang detalye sa Marso.




Makipag-ugnay sa

Global City Ota Cooperation Association
Tanggapan ng konsultasyon sa iba't ibang wika
1st Floor Consumer Center 5-13-26 Kamata, Ota-ku
☎ 03-6424-8822 FAX 03-5710-6330 Email info@ota-goca.or.jp

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children’s hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.